# EPEKTO NG KAKAYAHAN SA PAGTUTURO SA KAGANYAKAN NG MGA MAG-AARAL SA PAG-AARAL NG ASIGNATURANG FILIPINO DULOT NG PANDEMYA

Glea Fe A. Cabudbud[1], Rhyan J. Mangente[1],Jeala S. Perez[1], &
**Joyce B. Hernando[2]**

[1] Department of Teacher Education, UM Panabo College, Panabo City, Philippines
[2] Program Head, Department of Teacher Education, UM Panabo College, Panabo City, Philippines
Email address: joynilgab_01@yahoo.com

## ABSTRACT

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino sa UM Panabo College sa taong panuruan 2022-2023. Ito ay isang kwantitatibong pananaliksik kung saan ginamitan ito ng *descriptive correlational* method na disenyo at istadistikang pamamaraan ng *Mean* at *Pearson (r).* Ang mga respondente ng isinagawang pananaliksik ay ang kasalukuyang mag-aaral ng UM Panabo College taong panuruan 2022-2023. Ayon sa resulta ng pag-aaral nakakuha ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng grand mean na 4.49 at ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay nakakuha ng overall mean na 3.97. Ang correlation balyu *(r-value)* ay 0.431 at ang *p-balyu* ay 0.000 na mas mababa kaysa 0.05 kung kaya ito ay nangangahulugan na may makabuluhang ugnayan sa kakayahan ng guro sa pagtuturo at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

***Susing Kaalaman:*** *Kakayahan, kaganyakan, asignaturang Filipino*

## INTRODUKSYON

Kasangga ng pagpapalago ng edukasyon ang mga guro. Sila ang nagsisilbing pundasyon sa pagpapalawig ng kaalaman at kasanayan ng bawat mag-aaral. Ang mga guro ay isa sa mga mahahalagang tao na patuloy na nag-impluwensya sa mga mag-aaral na linangin ang kanilang sariling abilidad na sa kalaunan ay magpapaunlad sa kanila sa hinaharap. Kasabay ng mga paglago ng edukasyon ay ang mga balakid at problema na humanon sa paglago nito kagaya na lamang ng kasalukuyan nating kalagayan kung saan lumaganap ang pandemya. Sa paglaganap ng pandemya ay nagkaroon tayo ng tinatawag na bagong normal sa edukasyon. At, sa pagbabagong kinakaharap natin ngayon ay huwad nating makikita na ang pag-aaral patungkol sa ating kasarinlan ay hindi na pinapahalagahan.

Sa Pilipinas, partikular na sa Ateneo de Davao University, napag-alaman na kadalasan sa mga mag-aaral ay hindi na pinapahalagahan ang pag-aaral sa asignaturang Filipino mas pinipili pa nilang pahalagahan ang mga asignaturang gaya ng Ingles (Royo, 2018). Patunay lamang ito na sa paglago at pag-unlad ng mundo ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay unti-unti nang naglalaho.

Ang pag-aaral ay isang napakalaking bahagi ng buhay ng tao. Ito ang nagbibigay ng karunungan at kaalaman sa isang tao na magagamit niya upang tuparin ang kanyang mga hangarin sa buhay. Sa pagdating ng pandemya ang pisikal na pagpasok sa paaralan ay nahinto kaya ang pagpapatuloy ng edukasyon ay naging mahirap. Ang mga guro ay nahihirapan sa bagong normal na sistema ng edukasyon at nahihirapan rin sila kung sa paanong paraan nila magaganyak ang mga mag-aaral na matuto sa kabila ng suliraning ito. Noon paman, ang

pagtuturo ng asignaturang Filipino ay isa ng malaking hamon sa bawat guro ng wika. Ang kawalang interes ng mga mag-aaral na matutunan ang sariling wika ay lubhang nakalulugmok sa damdamin ng isang guro dumagdag pa rito ang kasalukuyang krisis sa kalusugan na ating kinakaharap.

Ang biglaang pagbabago sa pormat ng edukasyon na ito ay makadaragdag pa sa suliranin ng mga guro kasabay sa problema nila kung paano kawiwilihan ng mga mag-aaral ang kanilang itinuturong asignatura. Ayon kay Lopez (2021), ang isang guro ay kinakailangan magkaroon ng mabisang mga estratihiya upang ang pagmamahal at pagpapahalaga sa pag-aaral ng sariling wika ay maibalik at tumatak sa puso ng bawat mag-aaral. Sa katunayan, ang pagdating ng pandemya ay naging malaking hamon sa sektor ng edukasyon at ang malaking katanungan ng lahat ay kung paano maipagpapatuloy ang pag-aaral o ang pagkatuto habang nasa gitna pa rin tayo ng pandemya.

Sa kabilang banda, ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ay may malaking epekto sa mga mag-aaral upang sila ay makisangkot sa anumang talakayan. Ang epektibong pamamaraaan ng isang guro sa pagtatalakay o pagtuturo ay pumupukaw sa interes ng isang mag-aaral upang ito ay makilahok sa mga gawain tungkol sa paksang gustong pag-aralan. Hinihikayat ng mga guro ang mga mag-aaral na maging aktibo bagama’t hinahayaan rin silang matuto sa kanilang sariling paraan. Ayon kina Barberos, Gozalo at Padayogdog (2019), ang guro ay tagapagdaloy ng kaalaman sa isang silid aralan, sila ay dapat na may kakayahan at may sapat na kaalaman na maaring maibahagi nila sa kanilang mga mag-aaral. Ang guro ay dapat alam ang kaibahan ng kaniyang mga mag-aaral at tugunan ang bawat kaibahan ng mga ito. Isa

rin sa mga tungkulin ng isang guro ay panatilihin ang interes ng isang mag-aaral sa paksang tinatalakay o tatalakayin pa lamang.

Bilang karagdagan, alam naman natin na malaki ang ginagampanang papel ng isang guro sa motibasyon ng isang mag-aaral upang maging progresibo ang kaalaman ng mga ito sa paksang pag-aaralan. Kung ang isang guro ay epektibo sa kanyang pagtuturo at mayroong tamang pagmamalasakit sa kaniyang mga mag-aaral, ang mga ito ay matututo ng maayos at siguradong magkakaroon ng paglago sa kanilang kaalaman. Sinasabing ang pagiging epektibo ng guro sa kaniyang pagtuturo ay direktang nakakaapekto sa pag-unlad at tagumpay ng isang tao (Burroughs, Gardner, Lee, Gou, Touitou, Jansen at Schmidt, 2019).

Gayunpaman, ang pagganyak sa isang mag-aaral sa pagpapalago ng kanilang kaalaman ay hindi madaling gawin upang maisakatuparan. Ito ay nangangailangan ng iba't ibang estilo o epektibong pamamaraan ng guro sa pagtuturo at pagpukaw sa interes ng mga mag-aaral. Ayon kina Lopez, Alquizola at Yap (2018), may kaugnayan ang kakayahan ng guro sa pagtuturo sa motibasyon at kaganyakan ng mag-aaral na mag-aral sa isang asignatura. Sinasabing, ang isang epektibong guro ay kinakailangan magkaroon ng tiyaga upang makamit ang inaasam na kaalaman para sa kanyang mga mag-aaral. Kung ang kakayahan ng isang guro ay angkop sa kanyang tinatalakay at angkop sa kanyang mag-aaral lubos na magiging madali ang pagkatuto ng mga ito.

Sa taong panuruan 2022-2023 ng UM Panabo College lubos na nakikita ang suliraning ito. Kakaunti na lamang ang kumukuha ng kurso patungkol ng asignaturang Filipino. Iilan lamang ang kumukuha ng asignaturang ito dahil sinasabi ng iba na ito ay mahirap pag-aralan.

Lalong-lalo kung iisipin ang kasalukuyan nating sitwasyon bunsod ng pandemya at sa katotohanan na malayo ito sa kinakailangan pag-aral ngayon sa modernong panahon. Kaya ang pagkuha ng kursong ito ay hindi na talaga napagtutuunan ng pansin. Isa sa iba pang maaring maging dahilan kung bakit ito ay wala sa pinagpipiliang kurso ng nakararami ay dahil sinasabi nang iba na hindi lamang ito mahirap na kurso ito rin ay hindi kawili-wili kung pag-aralan.

Gayunpaman, ang pananaliksik na ito ay may kaugnayan sa teoryang Self Determination nina Edward Deci at Richard Ryan sa kanilang librong may pamagat na *"Self-Determination and Intrinsic Motivation in Human Behaviour''*. Ang Self- Determination Theory ay tinukoy rin na isang masaklaw na teoryang nakatuon sa personalidad at sa kung paano nakikisalamuha ang isang indibidwal at dumepende sa kaniyang lipunang ginagalawan (Legault, 2017). Ito ay nagpapahayag na ang motibasyon ay tumutugon sa kung ano ang nagtutulak sa pag-uugali ng tao at humimok sa kanya para kumilos.

Sa kabilang dako, ang pag-aaral na ito ay magiging kapaki-pakinabang unang-una sa tagapangasiwa ng UM Panabo College, kung saan ang pag-aaral na ito ay magbabahagi ng epekto sa kakayahan sa pagtuturo at kaganyakan ng mga mag aaral sa asignaturang Filipino sa kabila ng pandemyang kinakaharap ngayon ng ating bansa bilang paghahanda narin sa mga pandaigdigang pangangailangan hinggil sa pag-aaral ng mga idolohiyang may kinalaman sa naturang asignatura. Pangalawa ay ang mga guro, upang ang pananaliksik na ito ay magbigay ng suhestiyon na makakatulong sa pagpapalawig ng kanilang ideya sa paksang tinalakay na magsisilbing gabay nila upang mas maging epektibo ang kanilang pagtuturo na makatutulong sa paglinang

at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral. Pangatlo ay ang mga mag-aaral sa Filipino, kung saan ang pananaliksik na ito ay may katuturang magbigay linaw hinggil sa angkop na kakayahan ng mga guro na angkop sa kanilang pagkatuto na magsisilbing gabay sa kaganyakan nila na mag-aral sa asignaturang Filipino. Pang-apat, ang mga mananaliksik sa hinaharap na kung saan ang pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan para sa mga mananaliksik na gustong pag-aralan ng maigi ang tungkol sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at tungkol narin sa kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Bilang karagdagan, ito rin ay isang magandang paghanguan ng mga impormasyon sa pagbuo ng pag-aaral na may kinalaman sa suliraning kinakaharap ngayon ng ating bansa.

Sa larangan ng edukasyon, ang pagdating ng pandemya ay nagdulot ng malaking problema. Isa na rito ay ang kung paano maipagpapatuloy ng edukasyon kahit na may peligrong kinakaharap. Ayon kina Cahyani, Iin, at Sari (2020), ang problemang ito ay makikita sa kanilang lugar sa bansang Indonesia na kung saan ang pandemya ay nakakapagdulot ng malaking dagok sa sistema ng kanilang edukasyon. Ang problemang ito ay dinadanas hindi lamang ng mga guro at mga magulang pati narin ng mga mag-aaral na lubos na naapektuhan, ang kanilang karunungang dapat sana ay taglayin sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng kanilang bansa.

Ayon kay Ortańez (2023), sa lahat ng antas ng edukasyon ay mahalaga na pag-aralan ang wikang Filipino. Sumakatuwid, ang lahat ng mga mag-aaral sa anong antas ay dapat nililinang ang sarili sa wika ng ating bansa. Kung ang isang guro ay epektibo sa kanyang pagtuturo sigurado na magkakaroon ng paglago sa kaalaman ng mga mag-aaral.

Nararapat na ang isang guro ay magtaglay ng kahusayan sa kaniyang pagtuturo upang magkaroon ng magandang karanasan sa pagkatuto ang kaniyang mga mag-aaral (De Guzman at Abagon, 2020).

Ayon naman sa pananaliksik ni Dela Peña (2023), ang isang gurong mahusay sa kaniyang propesyon at pagtuturo ay dapat na magkaroon rin ng isang magandang relasyon sa kaniyang mga mag-aaral. Bilang isang guro ang pagpapanatili ng magandang relasyon sa iyong mga mag-aaral ay isang mahirap na gawain ngunit napaka-epektibo kung pag-uusapan ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkatuto. Bilang karagdagan, ang pagkakaroon ng mahusay na pangangasiwa sa silid-aralan ay nagpapahiwatig ng kumbinasyon ng mga tungkulin ng guro at ang prosesong idinisenyo upang magdala ng mga mabuting resulta na makakatulong sa kanila upang mas maging madali ang pagkatuto ng bawat mag-aaral (Jamba at Norbu, 2023).

Ang mga guro na may malawak na kaalaman o kabatiran paksa ay magbibigay interes sa mga mag-aaral na magkaroon ng mataas na marka sa pangkalahatan, at ang mga interbensyon na nagpapataas ng kaalaman ng guro sa paksa ay nakakatulong din sa pagtaas ng tagumpay ng mag-aaral (Akyeampong, 2019). Samantala, ayon kina Mellati at Khademi (2018), ang kahusayan ng isang guro ay hindi lamang nasusukat sa kaniyang kakayahan sa pagtuturo nasusukat rin ito sa mahusay niyang kasanayan sa pag-eebalweyt ng mga mag-aaral. Sa pag-eebaweyt ng mga mag-aaral ay nalalaman ng guro ang mga natutunan ng mga mag-aaral sa kaniyang klase at kung naging epektibo ba ang kaniyang mga ginamit na estratehiya sa pagtuturo.

Mahalaga na ang isang guro ay mayroong taglay na karunungan sa paggamit ng iba't ibang mga estratihiya na pupukaw sa kaisipan ng

bawat mag-aaral. Ayon kay Daza (2021), patunay na ang guro ang instrumento ng pakatuto ng isang mag-aaral na makatutulong mai aangat ang antas ng kanilang kalaaman sa isang asignatura. Kahit na mayroong pandemyang dumaan ay nananatili na ang kakayahan sa pagtuturo at kasanayan sa iba't ibang pamamaraan o estratehiya ay magandang katangian ng isang mahusay na guro ngunit higit sa lahat ay nararapat na taglayin ng guro ang magandang personalidad upang magkaroon ang mga mag-aaral ng motibasyon na mahalin at pahalagahan ang asignatura (Bautista, 2021).

Bilang karagdagan, ayon sa pananaliksik ni Shuming (2021), ang layunin sa pagkamit ay magbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkaroon ng mabuting akademikong performans. Kapag ang isang mag-aaral ay alam kung ano ang kaniyang nais na makamit ay mas nagkakaroon ito ng motibasyon sa pagkatuto. Malaki ang ginagampanang papel ng guro sa pagbuo ng layuning ito (McMillan, 2019). Ayon sa pag-aaral nina Johnson, Herzog, Hill-Chapman, Siney at Fergusson (2019), ang pagpapasigla ng kapaligiran ng pag-aaral ay isang hakbangin ng mag-aaral tungo sa kaniyang sariling pagkatuto.

Ang mga mag-aaral ay dapat na makabuo ng kanilang sariling kaalaman sa pamamagitan ng mga gawain na makatutulong sa kanila na mas lubos na maunawaan ang isang paksa at sa pagkakataong ito ang guro ay magiging gabay lamang kapag nakatagpo sila ng paghihirap (Morrison, 2021). Ayon kina Pelagio, Alarcon, Dela Cruz at Mixdon (2022), mayroong ugnayan ang kasiyahan sa sarili ng mga mag-aaral upang magkaroon ito ng gana na matuto sa isang asignatura. Ito ay palatandaan na kapag mataas ang kasiyahan sa sarili ng mag-aaral ay mataas ang posibilidad ng magandang akademikong perpormans nito.

Sa ginawang pananaliksik nina (Lopez, 2018) malaki ang ambag ng kakayahang pagtuturo ng guro sa pagtaas ng marka ng mga mag-aaral. Ang kanilang aktibo at epektibong pagtuturo ay nakatutulong sa pag-unlad ng kaalaman ng mga ito. Mahalaga na bilang isang guro ay alam na niya ang kanyang mga dapat gawin sa isang silid-aralan upang makamit ang pagkatuto gayon na din ang sariling pagsisikap upang madagdagan ang mga kaalaman na maihahandog sa mga mag-aaral.

Gayunpaman, ninanais ng mga mananaliksik na magkaroon ng ibayong pag-aaral hinggil sa kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral na mag-aral ng Asignaturang Filipino. Layunin din ng pag-aaral na ito na masagutan ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng kakayahan ng guro sa pagtuturo batay sa kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa paksa/ asignaturang Filipino, wastong saloobin at pananaw, pangangasiwa sa silid-aralan, relasyong guro/ mag-aaral, kasanayan sa pag-eebalweyt at personalidad? 2. Ano ang antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral na mag-aral sa asignaturang Filipino batay sa kasiyahan sa sarili, estratehiya sa aktibong pagkatuto, halaga ng pag-aaral sa Filipino, layunin sa pagganap, layunin sa pagkamit at pagpapasigla ng kapaligiran?3. Kung mayroon bang makabuluhang ugnayan ang kaakyahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mag-aaral na mag-aral ng asignaturang Filipino?

Samantala, batay sa pahayag na inilahad bilang dalawa na suliranin, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng null haypothesis na, walang makabuluhang ugnayan o relasyon sa pagitan ng kakayahan ng guro sa pagtuturo sa kaganyakan ng mga mag-aaral ng asignaturang Filipino dulot ng pandemya at malayo ito sa 0.05 na pamantayan sa pagkamakabuluhan nito.

## METODO

*Respondente***.** Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa UM Panabo College partikular na ang mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong edukasyon mula una hanggang sa ikatlong taon na may total na populasyong tatlong daan at tatlongput dalawa (332). Mayroon lamang isang daan at pitumput siyam (179) na respondente sa pananaliksik na ito sila ay tinukoy batay sa mga sumusunod na pamanatayan sa pagsasama: nakakuha at pumasa ng isang unit sa asignaturang Filipino; kasalukuyang naka-enroll sa taong panuruan 2022-2023 at may edad 18 hanggang 33 taong gulang. Ang pananaliksik na ito ay limitado lamang sa mga mag-aaral ng UM Panabo College. Tinukoy ang mga respondente gamit ang random sampling. Ayon kay Frost (2022), ang random sampling ay ang sadyang pagpili ng mga respondente batay sa kanilang kakayahan na ipaliwanag ang isang particular na tema, konsepto o phenomenon. Ang mga mag-aaral ay hindi pipilitin na makilahok sa pag-aaral na ginawa, sila ay pwedeng tumanggi kung hindi nila gustong makilahok sa ginawang pag-aaral.

*Materyales/Instrumento.* Ginamit ng mga mananaliksik ang istandardisadong talatanungan ni Santos na isinagawa noong 2018 na *"Ang Epekto ng Persepyon sa Ugnayang Kabihasnan-Kahusayan sa Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino."* upang tukuyin ang epektibong kakayahang pagtuturo ng mga guro. Ang talatanungang ito ay sumusukat sa lebel ng epektibong kakayahang pagtuturo ng guro. Ang talatanungang ito ay kinapapalooban ng apatnapu't na mga tanong at pitong batayang tagapahiwatig ang kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa paksa/asignaturang Filipino, wastong saloobin at pananaw sa pagtuturo

at sa propesyon, pangangasiwa sa silid-aralan, relasyong guro at mag-aaral, kasanayan sa pag-eebalweyt ng mag-aaral, personalidad ng guro.

Sa pagdaragdag, upang tukuyin kung ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ay nakatutulong sa kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ang mga sumusunod na panukatan ang ginamit; 4.21-5.00 na may antas na napakamataas na nangangahuluhan na ang mga guro ay may napakataas na kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; 3.21-4.20 na may lebel na mataas na nangangahulugan na mataas ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; 3.20- 2.61 na may lebel na katamtaman na nangangahulugan na mahusay ang guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; 2-60-1.81 na may lebel na mababa na nangangahulugan na ang guro ay mababa ang kahusayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; 1.80-1.00 na may antas na napakababa na nangangahulugan na napakababa ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Gayunpaman, upang tukuying ang lebel ng motibasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ginamit ng mga mananaliksik ang istandardisadong talatanungan nina Lopez, Alquizola at Yap na isinagawa noong 2018 na *"Estilo ng pagtuturo ng mga guro at Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral."* Binubuo ito ng tatlomput limang mga tanong upang makuha ang kina kailangang datos. Upang makuha ang antas ng kawilihan at kaganyakan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ang talatanungang ito ay may anim na batayang tagapahiwatig ang kasiyahan sa sarili,estratehiya sa aktibong pagkatuto, halaga sa pag-aaral sa Filipino,layunin sa pagganap, layunin sa pagkamit, pagpapasigla ng kapaligiran ng pag-aaral.

Samantala, upang tukuyin kung lebel ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ang mga sumusunod na panukatan ang ginamit; 4.21-5.00 na may antas na napakamataas na nangangahuluhan na ang mga mag-aaral ay napakataas ang kaganyakan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino; 3.21-4.20 na may lebel na mataas na na ngangahulugan na ang mga mag-aaral ay mataas ang kaganyakan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino;3.20-2.61 na may lebel na katamtaman na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay katamtaman ang kaganyakan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino;2-60-1.81 na may lebel na mababa na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay mababa ang kaganyakan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino;1.80-1.00 na may antas na napakababa na nangangahulugan ang mga mag-aaral ay napakamababa ang kaganyakan sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

*Disenyo ng Pananliksik at Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos*. Ginamitan ng *descriptive-correlation method* ang pag-aaral na ito na kung saan batay sa obserbasyon ng *non-experimental event or events* na pagbabatayan ng teorya o konklusyong malilikha upang pangatuwiranan ang obserbasyon. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng ganitong uri ng metodo upang mailarawan ang dalawang baryabol na pinaguusapan.

Ang mga datos tungkol sa epektibong kakayahang pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay kinuha at isinaayos; at ang kanilang ugnayan ay tinukoy at binigyang kahulugan. Ang mga respondenteng mag-aaral ay sinagot ang talatanungan bilang panukat kagamitan. Sa kabilang banda, ang pag-aaral na ito ay inabot ng ilang buwan bago nakuha ang resulta. Ang naging resulta ng ebalwasyon ng mga nakalap na datos ay inipon,

inihanay, sinuri at binigyang kahulugan upang matukoy kung mayroon o walang mahalagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng isang liham sa mga balideytor ng UM Panabo College na siyang nagsuri sa istandardisadong talatanungan na ipinirisinta ng mga mananaliksik. Nagbigay rin ang mga mananaliksik ng liham pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang hayaan na maisagwa ang pag-aaral. Humingi rin ng pahintulot ang mga mananaliksik sa mga mag-aaral na sagutan ang mga talatanungan. Ang sarbey ay isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng UM Panabo College partikular na sa mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong edukasyon. Pagkatapos ng isinagawang surbey, ang mga datos ay kinuha itinipon at sinuri. Ang resulta ay ikinalkula at inihanay.

Sa kabilang banda, ang *"mean at Pearson Product-moment Correlation Coeffecient "ay* mga istatistikal na ginamit sa pagpapakahulugan ng mga datos na makakalap.Bilang karagdagan, ang *"Pearson Product-moment Correlation Coeffecient"* ay ginamit upang matukoy kung mayroon o walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahang pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Antas ng Kakayahan Pagtuturo

Ang Talahayan 1 ay nagpapakita sa lebel ng kakayahan sa pagtuturo ng guro na kung saan ito ay nahahati sa pitong indikeytor;

**Talahanayan 1. Buod ng talahanayan ng Kakayahan sa Pagtuturo ng Guro**

| Indikeytor | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Kasanayan sa Pagtuturo | 4.47 | Higit na Mataas |
| Kabatiran sa Paksa/asignaturang Filipino | 4.48 | Higit na Mataas |
| Wastong Saloobin at Pananaw | 4.51 | Higit na Mataas |
| Pangangasiwa sa Silid-aralan | 4.53 | Higit na Mataas |
| Relasyong Guro/ Mag-aaral | 4.41 | Higit na Mataas |
| Kasanayan sa Pag-eebalweyt | 4.48 | Higit na Mataas |
| Personalidad ng Guro | 4.60 | Higit na Mataas |
| **Grand Mean** | **4.49** | **Higit na Mataas** |

kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa paksa/Asignaturang Filipino, wastong saloobin at pananaw, pangangasiwa sa silid-aralan, relasyong guro/ mag-aaral,kasanayan sa pag-eebalweyt, personalidad ng guro. Ipinakita sa datos na higit na mataas ang lebel ng kaantasan sa kakayahan ng guro sa pagtuturo na may grand mean na 4.49 na nangangahulugan na ang guro ay may mataas na kakayahan sa pagtuturo na batay sa pagtataya ng mga mag-aaral na nagsisilbing taga tugon.

Ayon kina Barberos atbp. (2019), ang guro ay siyang tagapagdaloy ng kaalaman sa isang silid aralan.Sila ay dapat na may kakayahan at may sapat na kaalaman na maaring maibabahagi nila sa kanilang mga mag-aaral. Sila ay dapat magtaglay ng kasanayan na makatutulong sa kanila na mabigyan ang mga mag-aaral ng isang makabuluhan at aktibong pagkatuto. Pinapatunayan rin dito na ang kahusayan ng isang guro ay hindi lamang nasusukat sa kanilang mga

kasanayan nasusukat rin ito sa kagustuhan nilang panatilihin ang interes ng mga estudyante hindi lamang sa kanilang asignaturang itinuturo pati na rin sa pagbibigay ng makabuluhang buhay pag-aaral sa mga ito.

Lumabas sa naging resulta ng pananaliksik na ito na ang indikeytor na personalidad ng guro ang nakakuha ng pinakamataas na marka. Ito ay minarkahan nang higit na mataas na lebel na may over-all mean na 4.60 na nangangahulugan na higit na mataas ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Pinapatunayan na ang personalidad ng guro sa silid-aralan ay nakaaapekto sa kung ano ang pananaw ng isang mag-aaral sa asignatura. Ang magandang personalidad ng guro ay nakatutulong upang mas maging aktibo ang mga mag-aaral na matuto sa klase. Kahit na mayroong pandemyang dumaan, ang kakayahan sa pagtuturo at kasanayan sa iba't ibang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo ay magandang katangian ng isang mahusay na guro ngunit higit sa lahat ay dapat na taglayin ng guro ang magandang personalidad upang magkaroon ang mga mag-aaral ng motibasyon na mahalin at pahalagahan ang asignatura (Bautista, 2021). Minarkahan ito nang higit na mataas na lebel na nangangahulugan na mayroong magandang personalidad ang mga guro ng asignaturang Filipino.

Ikalawa, ang indikeytor na pangangasiwa sa silid aralan na minarkahan rin nang higit na mataas na may overall mean na 4.53. Ang pangangasiwa sa silid-aralan ay tinukoy bilang mga aksyon na ginagawa ng guro upang lumikha ng isang kapaligiran na sumusuporta at nagpapadali sa parehong akademiko at panlipunang emosyonal na pag-aaral. Ang pagkakaroon ng mahusay na pangangasiwa sa silid-aralan ay nagpapahiwatig ng kumbinasyon ng mga tungkulin ng guro at ang prosesong idinisenyo upang magdala ng mga mabuting resulta na

makakatulong sa kanila upang mas maging madali ang pagkatuto ng bawat mag-aaral. (Jamba at Norbu, 2023).

Ang ikatlong indikeytor na nakakuha ng higit na mataas na marka ay ang wastong saloobin at pananaw ito ay may over-all mean na 4.51. Ayon sa pananaliksik nina De Guzman at Abagon (2020), ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay hindi biro maraming aspeto na dapat isaalang-alang upang matugunan ang bawat pangangailangan ng mga mag-aaral. Kung kaya't mahalaga ang pagkakaroon ng wastong saloobin at pananaw sa propesyon upang maging matagumpay ang pagtuturo.

Ikaapat, minarkahan nang higit na mataas na lebel indikeytor na kabatiran sa paksa/asignaturang Filipino na may over-all mean na 4.48 na nangangahulugan na napakahusay ng antas ng kakayahan ng guro sa pagtuturo. Natuklasan sa isinagawang pag-aaral na ang mga guro sa Filipino ay may malawak na kabatiran sa asignaturang Filipino. Para sa isang guro mahalaga ang pagkakaroon ng malawak na kabatiran sa paksang itinuturo sapagkat dahil magiging malawak rin ang matututunan ng mga mag-aaral. Ang mga guro na may malawak na kaalaman o kabatiran na paksa ay magbibigay interes sa mga mag-aaral na magkaroon ng mataas na marka sa pangkalahatan, at ang mga interbensyon na nagpapataas ng kaalaman ng guro sa paksa ay nakakatulong din sa pagtaas ng tagumpay ng mag-aaral (Akyeampong, 2019).

Ang indikeytor na kasanayan sa pag-eebalweyt ang panlima sa minarkahan ng higit na mataas na may over-all mean na 4.48. Ipinaliliwanag sa mga datos na may kasanayan ang mga guro sa Fillipino sa pagbuo at paghahanda ng mga angkop na pagsusulit at naipaliliwanag ng mabuti ang paraan ng pag-eebalweyt. Ayon kina

Mellati at Khademi (2018), Ang kahusayan ng isang guro ay hindi lamang nasusukat sa kaniyang kakayahan sa pagtuturo nasusukat rin ito sa mahusay niyang kasanayan sa pag-eebalweyt ng mga mag-aaral. Sa pag-eebaweyt ng mga mag-aaral ay nalalaman ng guro ang mga natutunan ng mga mag-aaral sa kaniyang klase at kung naging epektibo ba ang kaniyang mga ginamit na estratehiya sa pagtuturo.

Sa kabilang banda, ikaanim ang indikeytor na kasanayan sa pagtuturo na minarkahan ng lebel na higit na mataas na may over-all mean na 4.47. Ibig sabihin lamang nito na epektibong naghahanda ng mga kagamitang panturo ang mga guro sa Filipino gumagamit ng iba't ibang estratehiya para pagtamo ng mga tunguhin sa klase. Ang isang guro ay dapat na may malawak na kaalaman sa paksang kaniyang itinuturo, mahusay sa pakikipagtalastasan, may kasanayang propesyonal at may iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo nang sa gayon ay magkaroon ang mga mag-aaral ng pagmamahal sa asignatura. Nararapat na ang isang guro ay magtaglay ng kahusayan sa kaniyang pagtuturo upang magkaroon ng magandang karanasan sa pagkatuto ang kaniyang mga mag-aaral (De Guzman at Abagon, 2020).

Sa ginawang pag-aaral nakita na ang lahat ng indikeytor ay minarkahan nang higit na mataas nagkataon lamang na ang indikeytor na relasyong guro/ mag-aaral ang nakakuha ng pinakamababang marka. Ang indikeytor na ito ay minarkahan nang higit na mataas na lebel na may over-all mean na 4.41.

Sa kabuuan napatunayan na napakahusay na kakayahan sa pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino. Pinapatunayan nito na ang bawat mag-aaral ay isang indibidwal na dapat pakitunguhan nang maayos at ang guro ay dapat na may pantay pantay na pagtingin sa kaniyang mga mag-aaral. Sa kabila ng pandemyang nagdaan ay nanatili

ang mataas na pagtanaw ng mag-aaral sa guro gayundin ng guro sa kaniyang mga mag-aaral. Ayon kay Dela Peña (2023), ang pagkakaroon ng magandang relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral ay epektibo upang mas magkaroon ng interes sa asignatura ang mga mag-aaral. Ipinapakita lamang nito ang mahalagang ginagampanang papel ng pagkakaroon ng magandang relasyon guro/mag-aaral sa pagsusumikap ng mga mag-aaral na pag-aralan ang Asignaturang Filipino.

**Antas ng Kaganyakan ng mga Mag-aaral**

Ang Talahayan 2 ay nagpapakita ng lebel ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino at ito ay may anim na indikeytor na kasiyahan sa sarili, estratehiya sa aktibong pagkatuto, halaga ng pag-aaral sa Filipino, layunin sa pagganap, layunin sa pagkamit at pagpapasigla ng kapaligiran. Ipinakita sa datos na mataas ang lebel ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na mag grand mean na 3.97 na nangangahulugan na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral batay sa tugon ng mga mag-aaral na nagsisilbing mga respondente.

Ang guro ang pinakamahalaga pagdating sa tinatawag na “school-based factor” na nakaiimpluwensya sa akademikong perpormans at kaganyakan ng mga mag-aaral. Malaki ang impluwensya ng kahusayan ng guro sa pagtuturo nakatutulong ito sa mga mag-aaral na mapag ibayo ang kanilang pagkatuto at kaganyakan sa pag-aaral. Ito ay patunay lamang na mahalaga ang ginagampanang papel ng kahusayan ng guro sa pagtuturo ay nakaapekto sa kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng isang asignatura (De Guzman at Abagon, 2020).

**Talahanayan 2 Buod ng Talahanayan ng Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino**

| Indikeytor | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Kasiyahan sa Sarili | 3.28 | Katamtaman |
| Estratehiya sa Aktibong Pagkatuto | 4.29 | Higit na Mataas |
| Halaga ng Pag-aaral sa Filipino | 4.40 | Higit na Mataas |
| Layunin ng Pagganap | 2.91 | Katamtaman |
| Layunin ng Pagkamit | 4.51 | Higit na Mataas |
| Pagpapasigla ng Kapaligiran | 4.21 | Higit na Mataas |
| **Grand Mean** | **3.97** | **Mataas** |

Lumabas sa resulta na ang layunin ng pagkamit ang nakakuha ng pinakamataas na marka na ngangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay may higit na mataas na kaganyakan sa asignaturang Filipino. Ito ay minarkahan nang higit na mataas na may over-all mean na 4.51 na nangangahulugan na higit na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Bunsod narin ng pandemya naging mas mahirap ang pagbibigay ng kaganyakan sa mga mag-aaral na mag-aral sa kahit anong asignatura. Ayon kay Shuming (2021), ang layunin sa pagkamit ay magbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkaroon ng mabuting akademikong perpormans. Ang layunin sa pagkamit ng mga mag-aaral ay magbibigay sa kanila ng maliwanag na deskripsiyon sa kung ano ang nais nilang mangyari sa kanilang pagkatuto.

Ikalawa na may higit na mataas na marka ang indikeytor na halaga ng pag-aaral sa Filipino na minarkahan ng lebel na higit na mataas na may over-all mean na 4.40. Bilang isang mag-aaral ay

madalas na mahirap hagilapin ang motibasyon na pag-aralan ang asignaturang Filipino. Pinipili ng iba na mag-aral ng wikang banyaga kaysa sa wikang Filipino. Ayon kay Ortańez (2023), sa lahat ng antas ng edukasyon ay mahalaga na pag-aralan ang wikang Filipino. Sumakatuwid, ang lahat ng mga mag-aaral sa kahit anong antas ay dapat nililinang ang sarili sa wika ng ating bansa. Makikita sa resulta na mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino kaya nangangahulugan rin ito na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral na pag-aralan ang asignaturang ito.

Sa kabilang banda, ang indikeytor na estratehiya sa aktibong pagkatuto ang ikatlo sa minarkahan nang lebel na higit na mataas na may over-all mean na 4.29. Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral ay mayroong estratehiyang ginagamit para sa kanilang aktibong pagkatuto. Ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng sarili nilang estratehiya sa pag-aaral ay humahasa sa kanila na magkaroon ng sariling estilo upang mas mapadali ang sariling pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay dapat na makabuo ng kanilang sariling kaalaman sa pamamagitan ng mga gawain na makatutulong sa kanila na mas lubos na maunawaan ang isang paksa at sa pagkakataong ito ang guro ay magiging gabay lamang kapag nakatagpo sila ng paghihirap (Morrison, 2021).

Gayundin, minarkahan nang higit na mataas na lebel ang pagpapasigla ng kapaligiran na may over-all mean na 4.21 na nangangahulugan na higit na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Ayon sa pag-aaral nina Johnson atbp. (2019), ang pagpapasigla ng kapaligiran ng pag-aaral ay isang hakbangin ng mag-aaral tungo sa kaniyang sariling pagkatuto. Matututo ang mga mag-aaral na hanapin at tukuyin kung anong estilo ng pag-

aaral ang nararapat sa kanila upang sila ay matuto ng mabilis. Kaya naman hindi maitatanggi ang malaking gampanin nito para sa ikaiigting ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

Ang kasiyahan sa sarili ay minarkahan rin ng lebel na katamtaman na may over-all mean na 3.28. Lumabas sa resulta na ang mga mag-aaral ay makikitaan ng kasiyahan sa kanilang sarili kung kaya mataas ang kaganyakan nila sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Malaki ang naitutulong ng kasiyahan sa sarili ng mag-aaral sa kaniyang kaganyakan na matuto sa isang asignatura. Ang mataas na kasiyahan sa sarili ay nagdudulot sa mga mag-aaral na pataasin ang kaniyang akademikong perpormans. Ayon kina Pelagio atbp. (2022), mayroong ugnayan ang kasiyahan sa sarili ng mga mag-aaral upang magkaroon ito ng gana na matuto sa isang asignatura. Ito ay palatandaan na kapag mataas ang kasiyahan sa sarili ng mag-aaral ay mataas ang posibilidad ng magandang akademikong perpormans nito.

Sa kabuuan, makikita sa pananaliksik na ito na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Natuklasan rin sa resulta na ang layunin sa pagganap ang may pinakamababang marka sa lahat ng indikeytor. Ito ay minarkahan ng lebel na katamtaman na may over-all mean na 2.91 na nangangahulugan na katamtaman ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Para sa isang mag-aaral na nais makakuha ng magandang akademikong perpormans mahalaga ang pagkakaroon ng layunin sa pagganap o tinatawag natin na “achievement goal”. Makikita sa resulta na katamtaman ang lebel ng layunin sa pagganap ng mga mag-aaral ngunit nangangahulugan parin ito na mayroong kaganyakan ang mga mag-aaral na mag-aral ng asignaturang Filipino. Kapag ang

isang mag-aaral ay alam kung ano ang kaniyang nais na makamit ay mas nagkakaroon ito ng motibasyon sa pagkatutong (McMillan, 2019).

**Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro sa asignaturang Filipino at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.**

Ipinapakita sa Talahayan 3, ang pagsusuri sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Ang malayang baryabol na kakayahan sa pagtuturo ng guro ay may grand mean na 4.49 habang ang hindi malayang baryabol naman na kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino ay nakakuha ng 3.97 bilang grand mean nito.

Ang correlational balyu (r-value) ay 0.431 ang P-balyu sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay 0.000 na mas mababa kaysa sa 0.05 lebel ng pagkamakabuluhan nito kung kaya ang null hypothesis ay rejected. Ibig sabihin nito may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino sa UM Panabo College.

**Talahayan 3 Makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kakayahan sa Pagtuturo ng Guro at Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino**

| Baryabol | Mean | SD | r-balyu | p-balyu | Desisyon sa Haypotesis |
|---|---|---|---|---|---|
| Kakayahan sa pagtuturo ng guro | 4.49 | 0.60 | 0.431 | 0.000 | Rejected |
| Kaganyakan ng mga mag-aaral | 3.97 | 1.06 | | | |

Ang correlational balyu (r-value) ay 0.431 ang P-balyu sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ay 0.000 na mas mababa kaysa sa 0.05 lebel ng pagkamakabuluhan nito kung kaya ang null hypothesis ay rejected. Ibig sabihin nito may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino sa UM Panabo College.

Batay sa isinagawang pag-aaral ang kakayahan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay may malaking epekto sa kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Gayundin, sa pag-aaral nina Lopez atbp. (2018), nakita ang kaugnayan ng kahusayan ng kakayahan ng guro sa pagtuturo ay nakakaapekto sa kaganyakan ng mga mag-aaral na pag-aralan ang asignaturang Filipino.

## KUNKLUSYON

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, narito ang mga sumusunod na konklusyon: Una, ang lebel ng kakayahan sa pagtuturo na tinaya ng mga respondente ay may grand mean na 4.49 (Higit na Mataas) na nangangahulugan na ang kakayahan ng guro napakamahusay kaya mayroong kaganyakan ang mga mag-aaral na pag-aralan ang asignaturang Filipino. Pangalawa, ang lebel ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino na tinaya ng mga respondente ay may grand mean na 3.97 (Mataas) na nangangahulugan na mataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Pangatlo, ang r-balyu ay 0.431 at ang p-balyu sa pagitan ng kakayahan sa pagtuturo at kaganyakan ng mga mag-aaral ay 0.000 na mas mababa sa 0.05 na kung saan ang null hypothesis

ay rejected, nangangahulugan na ang dalawang baryabol ay may makabuluhang ugnayan.

## SANGGUNIAN

*Akyeampong, K. (2019). Improving Teaching and Learning. https://www.globalpartnership.org/sites/default/files/2019-07-kix-tl-final-english.pdf*

*Barberos M., Gazaro A. & Padayogdog E. (2019). The Effect of the Teacher's Teaching Style on Students' Motivation. https://steinhardt.nyu.edu/departments/tQeachingandlearning/research/practitioner-action-research/ effect-teachers-teaching.*

*Bautista, C. (2021). Katangian at personalidad ng isang magaling at epektibong guro. https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20210409/281655372885390. Katangian at personalidad ng isang magaling at epektibong guro*

*Burroughs N., Gardner J., Lee Y., Guo S., Touitou I., Jansen K., Schmidt W., (2019). Teaching for Excellence and Equity Analyzing Teacher Characteristics, Behaviors and Student Outcomes with TIMSS. https://link. springer.com/book/10.1007/978-3-030-16151-4*

*Cahyani A., Iin D., Sari P., (2020). Motivasi Belajar Siswa SMA padaPembelajaran Daring di Masa Pandemi Covid-19. https:// journal. ptiq.ac.id/ index.php/ iq/article/view/57.*

*Daza, J. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya.*

*https://www.researchgate.net/publication/356893311_Kaantasan_ng_Pagkatuto_ng_mga_Magaaral_sa_Asignaturang_Filipino_Tugon_sa_Makabagong_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya.*

*De Guzman J., Abagon B. (2021). Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng Senior High School.https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2021/10/P21510125137.pdf*

*Dela Peña, JM. (2023). Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Filipino.http://eprajournals.net/index.php/IJMR/article/view/1469/147). Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Filipino.*

*Frost, J. (2022). Purposive Sampling: Definition & Examples. https://statisticsbyjim.com/basics/purposive-sampling/*

*Jamba, N., Norbu, L. (2023). Effective classroom management and students' academic performance: A study in one of the middle secondary schools in Bumthang district. https://www.researchgate.net/publication/368228630_Effective_classroom_management_and_students'_academic_performance_A_study_in_one_of_the_middle_secondary_schools_in_Bumthang_district*

*Johnston, C., Herzog, T., Hill-chapman, C., Siney, C. Fergusson, A. (2019). Creating Positive Learning Environments in Early Childhood Using Teacher- Generated Prosocial Lessons. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1278124.pdf*

*Legault, L. (2017). Self-determination theory. Encyclopedia of Personality and Individual Differences. https://doi.org/10.1007/978-3-319-28099-8_116 2-1*

*Lopez J., Alquizola A. at Yap R. (2018). Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral. https://www.academia.ed u/44377640/ESTILO_NG_PAGTUTURO_NG _MGA_GURO_AT_ANG _AKTIBONG_MOTIBASYON_NG_MAG_AA RAL*

*Lopez, R. (2021). Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class.https://www.researchgate.net/publicatio n/356853584*

*Mellati, M., Khademi, M. (2018). Exploring Teacher's Assessments Literacy:Impact on Learner's Writing Achievements and Implications for Teacher Development. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1183660.pdf*

*McMillan, D. (2019). What are the Effects of Goal-Setting on Motivation and Academic Achievement in a Fourth Grade Classroom. https://sophia.stkate.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1341&con text=mae*

*Morrison, R. (2021). Aktibong Pag-aaral: Mga Katangian, Istilo at Diskarte. https://tl.warbletoncouncil.org/aprendizaje-activo-9594*

*Ortoñez, D. (2023). Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon. https://www.academia.edu/36247768/Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Edukasyon*

*Pelagio, D., Alarcon, A., Dela Cruz, K., Mixdon, H. (2022). Level of Students Satisfaction Of Needs In Relation To Their Academic Performance. https://cosmosjournals.com/wp-content/uploads/2022/05/CAHE-111JJ22-1-PAUL-DRAKE-P.-PELAGIO.pdf*

*Royo, J. (2018). Mga Saloobin at Suliranin ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo de Davao University. https://www.scribd.com/document/369319620/Mga-Saloobin-a-t-Suliranin-ng-mg-a-Mag-Aaral-sa-Pagkatuto-ng-Asignaturang-Filipino-sa-Ateneo-De-Davao-High-School*

*Santos, C. (2018). Epekto ng Persepsyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Kabisaan-Kahusayan ng Pampagtuturo ng mga Guro sa Filipino. https://www.academia.edu/36174144/FINAL_THISIS_print*

*Shu Ming, S. (2021). Achievement Goals of Filipino College Students. https://www.feu.edu.ph/wp-content/uploads/2021/10/AJPE-V2I1CoShu Ming-2021.*